PAANONG UMUUNLAD ANG LUNGSOD

Pagpaplano sa Lungsod ng Toronto

Ang mga lungsod ay mga lugar kung saan ang mga tao ay maaaring manirahan, matuto o mag-aral, magtrabaho, dumayo at maglaro. Dapat lamang mag-alok ang mga ito ng maraming serbisyo – ilan lamang dito ang mga paaralan, parke, serbisyong pangkalusugan, tindahan, kainan at transportasyon. Ang mga lungsod na buhay at kaakit-akit ang siyang ninanais ng mga residente, dinadayo ng mga bisita at tinatayuan ng mga negosyo.

Sa Toronto, ang City Planning Division ang tumutulong sa paggabay sa pagsasaayos ng kalagayan at pag-unlad ng lungsod. Ang City Planning ay nakikipagtulungan sa komunidad at sa ibang dibisyon ng pamahalaang lungsod para magtakda ng mga layunin at patakaran para sa pagpapaunlad, habang isinasaisip ang mga mahahalagang usapin para sa lipunan, kabuhayan at kapaligiran.

Ang mahusay na pagpaplano ay tumutungo sa maayos na pag-unlad at nakakatulong sa pagkakaroon ng tipo ng komunidad na ninanais natin.

Ano ang tungkulin ng Tagaplano?

Ang mga kagawad na tagaplano ay nagtitipon ng mga mungkahi at panukala mula sa publiko, at nag-aaral ng mga isyu upang makapagbalangkas at makapagbalik-aral ng mga plano, patakaran at proyekto na nagbibigay-proteksyon at nagpapahusay sa kapaligiran ng ating lungsod. Nagbibigay sila ng suporta at payo sa Sangguniang Panglungsod. Malapit din silang nakikipagtulungan sa mga grupo sa komunidad at sa buong lungsod upang matamo ang kanilang mga layunin para sa isang mas mabuting lungsod.

Ang City Planning Division ng Toronto ay nakatayo ayon sa mga distrito - Etobicoke York, North York, Toronto at East York, at Scarborough – sa apat na seksyong ayon sa gawain:

1. Pagpaplano ng Komunidad – nagbibigay-payo sa Sanggunian tungkol sa mga proyektong pangkaunlaran matapos kumonsulta sa publiko at sa mga serbisyong panlungsod, at matapos balik-aralan at suriin ang lahat ng bahagi ng proyekto.

2. Patakaran at Pananaliksik – nagbabalangkas ng patakaran sa pagpaplano batay sa malawak na pananaliksik sa paggamit sa lupa, pabahay, serbisyong pangkomunidad at kapaligiran. Nangangasiwa at nagpapalaganap ng mga proyekto at programang kaugnay ng pamana at tradisyon (*heritage programs and projects*).

3. Pagdidisenyo ng Kalunsuran – nagpapalaganap ng disenyong may mataas na kalidad para sa ating mga lansangan, parke at mga bukas na ispasyo. Ginagabayan nito kung paanong ipinupwesto, inoorganisa at binibigyang-hugis ang mga gusali sa isang partikular na lupain.

4. Transportasyon – hinaharap nito ang pagpapahusay sa sistema ng transportasyon, inaalis ang pag-asa sa mga kotse at nanghihikayat ng paggamit sa alternatibong mga paraan ng transportasyon tulad ng paglalakad, pagbibisikleta, pagsakay sa mga subway at streetcar.

Pagpaplano sa Ontario

Ang mga tagapagplano sa Lungsod ng Toronto ay ginagabayan ng ilang mga batas, regulasyon, mga alituntunin sa pagsosona at mga patakaran:

Ang Planning Act
• Ito ang namamahala sa pagpaplano sa buong Ontario
• Inoobliga nitong magkaroon ng Opisyal na Plano ang isang bayan o lungsod
• Nagtatakda ito ng mga proseso ng pag-aapruba sa pagpapaunlad ng mga lupain, at ng minimum na mga pangangailangan para sa konsultasyon sa publiko.
• Nagtatakda ito ng karapatang umapila o dumulog sa Ontario Municipal Board

Provincial Policy Statements (PPS)
• Nagbibigay ng direksyon sa patakaran kaugnay ng mga usaping pinaplano na may kabuluhan sa probinsya hal. mga isyung kaugnay ng kapaligiran, kabuhayan at pabahay.
• Ang mga desisyon sa pagpaplano ay dapat na "naaayon" sa PPS.

Zoning Bylaws
• Isinasakilos ang Opisyal na Plano "batay o ayon sa katangian" ng partikular ng mga lugar.
• Isaayos ang paggamit sa mga lupain at pagtatayo ng mga gusali
• Tukuyin kung ano ang maaaring itayo sa isang takdang lugar na pag-aari ng isang tao, hal.:
  - pinahihintulutang paraan ng paggamit ng lugar
  - inabot ng pag-unlad
  - taas ng mga gusali at kahinaan nito
  - mga rekisito para sa paradahan ng sasakyan at bukas na mga ispasyo

The Committee of Adjustment
• Ito'y mga maliliit na lupon na inatasan at binigyang kapangyarihan ng pamahalaang Lungsod na makinig at gumawa ng desisyon sa mga menor na usapin sa pagpaplano tulad ng:
  – menor na mga pagbabago sa Zoning Bylaws;
  – aplikasyon para sa ligal na di-naaayong paggamit ng ispasyo o lupa; at
  – aplikasyon para sa pagsang-ayon sa paghahati ng lupa.
• Lahat ng desisyon ay maaaring iapila o idulog sa Ontario Municipal Board.

www.toronto.ca/planning/comm_adj.htm

Ontario Municipal Board (OMB)
• Inatasang lupon ng pamahalaang pamprobinsya para sa pag-aapila ng mga usapin tungkol sa pag-aari at pagpaplano
• Dumidinig sa mga inaapilang desisyon tungkol sa mga aplikasyon para sa pagpapaunlad ng isang lugar.
• Dumidinig rin sa mga inaapilang desisyon ng Committee of Adjustment
• Maaari ding iapila ng mga aplikante ang di-pagtupad ng pamahalaang panlungsod sa balangkas ng panahon ng pagtatapos ng isang proyekto o programa na itinakda sa batas.

www.toronto.ca/torontoplan

Paanong makakalahok

Maaari kayong maging bahagi ng proseso ng pagpaplano sa pamamagitan ng pangmalagiang pag-alam sa mga nangyayari sa inyong komunidad at paglahok sa mga pampublikong pagpupulong. Sa tulong ng inyong partisipasyon, makakagawa ang Sangguniang Panlungsod ng mas mabuting mga desisyon na nakakaapekto sa inyong pamayanan.

Kung kayo'y interesado sa lahat o bahagi ng isang mungkahi sa pagpaplano o pagbabago ng isang patakaran, dapat na:

- alamin ninyo ang lahat ng posibleng malaman tungkol sa isyu at pag-isipan kung paano ito makakaapekto sa inyo;
- lumahok sa mga pampublikong pagpupulong at paglalahad ng impormasyon upang marining ang inyong mga pananaw;
- sumulat sa inyong kinatawan sa Sanggunian tungkol sa inyong mga pananaw;
- umugnay sa mga tagapagplano ng pamahalaang panlungsod; at
- lumahok sa eleksyong munisipal.